Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SECRETARY TO THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN • STA. CRUZ, LAGUNA • RECEIVED MAR 20 2023

HALAW SA KATITIKAN NG IKA- 29 NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN (2022-2025) NG CAVINTI LAGUNA, NA GINANAP NOONG IKA 20 NG PEBRERO 2023, SA BAHAY PULUNGAN NG SANGGUNIAN BAYAN, GUSALING ABC, CAVINTI LAGUNA

MGA DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, PANG. PUNUMBAYAN;
Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member; at
Kgg. Manuel A. Dela Roca, ABC-President;

HINDI DUMALO: KGG. Elma P. Flores
*(Birthday Leave)*

**PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 005 – 2023**

**Proponent: SB Romel J. Villanueva**
Chairman, Committee on Ordinances and Legal Matters

**ISANG PAMBAYANG KAUTUSAN NA MAHIGPIT NA IPINAPATUPAD ANG PAGSUSUOT NG HELMET AT NAGTATAKDA NG IBA PANG MGA PATAKARANG KAUGNAY SA PAGSAKAY SA MOTORSIKLO, SCOOTER, E-BIKE AT ATV MOTORBIKE**

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Batas ng Republika Blg. 10054, na higit na kilala na ***"MOTORCYCLE HELMET ACT OF 2009"*** na tungkulin ng Pamahalaang Lokal na pangalagaan at panatilihing ligtas ang bawat mamamayan, lalo't higit ang mga drayber ng motorsiklo at mga angkas nito sa mga nakakasira, nakakapinsalang epekto ng nakakamatay o banta sa buhay dulot ng aksidente sa pagmamaneho ng motorsiklo;

**SAPAGKAT,** karapatdapat na ituloy ang mas higit na maagap at pag-iwas ng mga motorista at mga kaangkas nito sa lahat ng oras sa pamamagitan ng paggamit ng de-kalidad na mga *helmet*;

**SAPAGKAT,** kinakailangan pa ring magpasa ng isang kautusan upang mas higit na maimplementa ang Batas ng Republika Blg. 10054 at sa buong kaligtasan na rin ng mga motorista at/o mga drayber at angkas nito;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** matapos ang isang malaya at masinsinang talakayan na;

**SEKSYON I. TITULO**. Ang kautusang ito ay kikilalanin bilang:

*HELMET ORDINANCE OF THE MUNICIPALITY OF CAVINTI*

Certified by:
NITZSHELL TORRES DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

Attested by:
CHARLES CLIFFORD F. MATTA
SB Member

JIMMY JOSE V. OLIVEROS
SB Member

ROMEL J. VILLANUEVA
SB Member

STEPHANIE PRINCESS P. DE GUZMAN
SB Member

GODFREY L. LUBUGUIN
SB Member

*(Birthday Leave)*
ELMA P. FLORES
SB Member

GLENN HAZE M. CABUHAT
SB Member

HABSHAN DAVE D. BLASTIQUE
SB Member

MANUEL A. DELA ROCA
ABC President

HYRA JANE A. VALDOPEÑAS
SKF President

MILBERT L. OLIVEROS
Vice Mayor

APPROVED BY:
ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

Certified by:

NITZSHELL TORRES DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

Attested by:

CHARLES CLIFFORD F. MATTA
SB Member

JIMMY JOSE V. OLIVEROS
SB Member

ROMEL J. VILLANUEVA
SB Member

STEPHANIE PRINCESS P. DE GUZMAN
SB Member

GODFREY L. LUBUGUIN
SB Member

*(Birthday Leave)*
ELMA P. FLORES
SB Member

G NN HAZE ABUHAT
SB Member

HABSHAN DAVE D. BLASTIQUE
SB Member

MANUEL A. DELA ROCA
ABC President

HYRA JANE A. VALDEPEÑAS
SKF President

MILBERT L. OLIVEROS
Vice Mayor

APPROVED BY:

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

**SEKSYON 2. LAYUNIN**

Ang Pambayang Kautusang ito ay nilikha para sa kaligtasan ng mamamayan partikular ng mga *operators* at drayber ng mga motorsiklo, *scooter*, *e-bike at atv motorbike* at maging ng mga mananakay o angkas, mula sa delikado at nakakasakit na epekto ng aksidenteng dulot nito. Bilang resulta, mapapanatili ang kaligtasan ng mga motorista, maging ang mga mananakay maiiwasan ang kapahamakang maaaaring maidulot ng hindi pagsusuot o paggamit ng *helmet*.

**SEKSYON 3. KAHULUGAN NG MGA SALITA.**

a. Drayber – Tinatawag na tagapagmaneho, tsuper (hango mula sa salitang Kastila na *chofer*) o **drayber** (hango mula sa salitang Ingles na *driver*) ang nagkokontrol sa manobela ng isang sasakyang panlupa gaya ng mga sasakyang nasasaad dito.

b. Angkas- sakay maliban sa drayber ng mga sasakyang nasaad sa kautusang ito.

c. *single* na Motorsiklo – Ang **motorsiklo** na walang kakabit na *side-car* na isang sasakyang de-**motor** na may dalawa o tatlong gulong na pinaandar sa pamamagitan ng gasolina.

d. *Scooter* – isang uri ng motorsiklo na mayroong dalawa o tatlong gulong na mas maliit kay sa single na motorsiklo.

e. *e-bike* – kahalintulad sa isang motorsiklo o scooter na mayroong dalawa o tatlong gulong na napapaandar sa pamamagitan ng baterya

f. *ATV motorbike – (all-terrain vehicle)* Sasakyang may tatlo o apat na malalaking gulong na pinaandar ng gasolina o *diesel*.

g. *Full-faced Helmet*- isang uri ng panakip at pananggalang o proteksiyon sa ulo at sa mukha, upang huwag masugatan, mapinsala, o masaktan ang mga bahaging ito ng katawan kung magkakaroon ng bangga o pagsalpok dulot ng aksidente, na aprubado ng *Philippine National Standard.*

h. *Half Face/Nutshell Helmet*-ay isang uri ng *helmet* kung saan kalahati lamang ng mukha at ilong ang natatakpan na maaring gamitin sa pang malapitang byahe.

**SEKSYON 4. NASASAKLAW NG KAUTUSANG ITO.**

A) Mga Drayber ng *single* na Motorsiklo at mga angkas nito;
B) Mga drayber ng *Scooter* at angkas nito;
C) Mga drayber ng *e-bike* at angkas nito; at
D) Mga drayber ng *ATV motorbike* at angkas nito

**SEKSYON 5. MGA LUGAR NA SAKLAW NG KAUTUSANG ITO:**

Lahat ng kalsada dito sa nasasakupan ng bayan ng Cavinti, Laguna. (*National Road, Provincial Road, Municipal Road, Barangay to Barangay Road at Poblacion Proper/Road and Streets*)

**SEKSYON 6. MGA IPINAG-BABAWAL:**

1. Na mahigpit na ipinagbabawal ang hindi pagsusuot ng tamang klase ng helmet alinsunod sa tinutukoy ng batas;
2. Na mahigpit na ipinagbabawal ang pag-aangkas ng mahigit sa isa.
3. Na mahigpit na ipinagbabawal ang pag-aangkas ng bata na hindi aabot ang paa sa apakan (*footrest*) ng motorsiklo/o at iba pang mga sasakyang sinasaad sa kautusang ito.

**SEKSYON 7. MGA PASUBALI.**

Pinapayuhan ang sinuman (base sa nakasaad sa Seksyon 4. ***"Nasasaklaw ng Kautusang ito")*** na magsuot ng *Half Face/Nutshell Helmet* kung walang Limandaang (500) metro sa pupuntahan.

**SEKSYON 8. KAPARUSAHAN**

Ang sinumang mga may-ari at/o drayber ng motorsiklo, *scooter, e-bike, ATV* at mga kauri nito at mga angkas na nahuli na lumalabag sa mga ipinag-uutos ng kautusang ito habang nagmamaneho o naglalakbay sa nasasakupan ng Bayan ng Cavinti ay may kaparusahan gaya ng sumusunod:

| | |
|---|---|
| **a) UNANG PAGLABAG** | **-ISANG LIBONG PISO (Php1,000.000); na may citation ticket** |
| **b) IKALAWANG PAGLABAG** | **-DALAWANG LIBONG PISO (Php2,000.00); na may citation ticket** |
| **c) IKATLONG PAGLABAG** | **-DALAWANG LIBO AT LIMANDAAN PISO(Php2,500.00); o** |

Tuluyang pagkumpiska ng lisensya o pag-i *impound* ng sasakyan sa himpilan ng pulisya;

Kinakailangang mabayaran ang *citation ticket* sa loob ng tatlumpong (30) araw at kung hindi ito mabayaran ay maari ng iduntol sa kinauukulang ahensya ng pamahalaan/hukuman ayon sa ginawang paglabag.

**SEKSYON 8. SUGNAY NA NAGPAPAWALANG BISA**

Na ang anumang mga naunang ordinansa na sumasalungat sa isinasaad ng kautusang ito ay pinawawalang bisa at saysay, upang mabigyang daan ang mga pag-amyenda sa kautusang ito.

Certified by:

NITZSHELL TORRES DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

Attested by:

CHARLES CLIFFORD F. MATTA
SB Member

JIMMY JOSE V. OLIVEROS
SB Member

ROMEL J. VILLANUEVA
SB Member

STEPHANIE PRINCESS P. DE GUZMAN
SB Member

GODFREY L. LUBUGUIN
SB Member

*(Birthday Leave)*
ELMA P. FLORES
SB Member

GLENN HAZE M. CABUHAT
SB Member

HABSHAN DAVE D. BLASTIQUE
SB Member

MANUEL A. DELA ROCA
ABC President

HYRA JANE A. VALDOPEÑAS
SKF President

MILBERT L. OLIVEROS
Vice Mayor

APPROVED BY:

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

**SEKSYON 9. HIWALAY NA SUGNAY**

Na kapag ang anumang bahagi o probisyon ng kautusang ito ay naideklarang hindi naaayon sa Saligang Batas at iba pang takdain ay hindi nakakaapekto sa katumpakan at pagkakabisa ng iba pang mga bahagi o probisyon nito.

**SEKSYON 10. PAGKAKABISA**

Na ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay ganap na mapagtibay ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, maipaskel sa *Official Website* at *Social Media Account* ng Sangguniang Bayan, mga hayag na lugar dito sa nasasakupan ng Bayan ng Cavinti sa loob ng Labing Limang Araw.

PINAGTIBAY.

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang nasasaad sa itaas ay halaw sa katitikan ng ika – 29 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan noong ika – 20 ng Pebrero 2023.

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**MAY KINALAMAN:**

CHARLES CLIFFORD F. MATTA
SB Member/~~ABC President~~

*(Birthday Leave)*
ELMA P. FLORES
SB Member

JIMMY JOSE V. OLIVEROS
SB Member

GLENN HAZE M. CABUHAT
SB Member

ROMEL J. VILLANUEVA
SB Member

HABSHAN DAVE D. BLASTIQUE
SB Member

STEPHANIE PRINCESS P. DE GUZMAN
SB Member

MANUEL A. DELA ROCA
SB Member/ABC President

GODFREY L. LUBUGUIN
SB Member

HYRA JANE A. VALDOPEÑAS
SB Member/SKF President

**KGG. MILBERT L. OLIVEROS**
**PANGALAWANG PUNUMBAYAN**

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ARRANTLEE R. ARROYO**
**PUNUMBAYAN**
Petsa ng Paglagda: ___________

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Cavinti

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
STA. CRUZ, LAGUNA
RECEIVED
MAR 20 2023
By: [signature] Ref #:
3:40 pm

Marso 20, 2023

KGG. FRANCISCO R. MACABUHAY
Kalihim
Sangguniang Panlalawigan
Sta. Cruz, Laguna

Mahal na Kalihim

Magalang na isinusumite sa inyong Tanggapan ang naritong kalakip na Pambayan/Municipal Ordinance na napagtibay ng Sangguninang Bayan ng Cavinti, Laguna, gaya ng mga sumusunod:

1. Pambayang Kautusan Blg. 005-2023– Isang Pambayang Kautusan na Mahigpit na Ipinapatupad ang Pagsusuot ng Helmet at Nagtatakda ng iba pang mga Patakarang kaugnay sa Pagsakay sa Motorsiklo,Scooter,E-Bike at ATV Motorbike.

2. Municipal Ordinance No. 006-2023 - An Ordinance Creating the Positions of Three Administrative Aide 1 (SG-1) and One Meter Reader (SG-4) for the Office of the Mayor under Economic Enterprise – Cavinti Water of the Municipality of Cavinti, Laguna.

Mangyaring patunayan ang pagtanggap nito.

Lubos na gumagalang,

[signature]

NITZSHELL T. DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan